Pahayag ni **MICHAEL J. SELLERS**, Kandidato para sa
Hepe ng Pulisya, Lunsod ng Santa Clara

Trabaho: Hepe ng Pulisya **Edad:** 55

Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon:

Isa akong residente at may-ari ng bahay sa Santa Clara. Ang karerang ito ay tungkol sa mga kuwalipikasyon. Ikinararangal kong paglingkuran ang komunidad ng Santa Clara sa loob ng nakalipas na 4 na taon bilang inyong Hepe. Nagtapos ako mula sa Unibersidad ng Estado ng California at Pambansang Akademya ng FBI. Ginugol ko ang kabuuan ng aking karera sa Kagawaran ng Pulisya ng Santa Clara. Nagsimula ako bilang Opisyal ng Pulisya, itinaas na Sarhento, Tenyente, Kapitan, Katulong ng Hepe at inihalal noong 2012 bilang Hepe ng Pulisya. Mahalaga ang karanasan.

Ako ang Pinunong Opisyal na Tagapagpatupad ng Batas para sa naging napakatagumpay na Super Bowl 50. Ang programang ginawa ko, ang "Chat with the Chief", ay nagbigay ng oportunidad upang mapakinggan ang mga mamamayan at matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad. Dinaragdagan na ang mga tauhan upang matugunan ang mga nagbabagong pangangailangan ng Lunsod. Sinusuportahan ko ang napakamahusay nating programa para sa kabataan, ang P.A.L. at D.A.R.E. Ipagpapatuloy ko ang pagkakaroon ng mga positibong pakikipagtulungan sa ating mga paaralan upang manatiling ligtas ang ating mga anak. Sinusuportahan ko ang ating mga programa ng Bantay ng Kapitbahayan at Negosyo. Hindi tayo magiging isang ligtas na lunsod kung wala ang pakikipagtulungan ng ating mga mamamayan at negosyo.

Inendorso ako ng lahat ng dating Hepe: sina Hepe Lodge, Kyle, Arolla, Vasquez. Bilang Hepe, nangangako akong magpapatuloy ng bukas na pakikipag-usap at ang matagal nang tradisyon ng matapat, malinaw at etikal na pagpapatupad ng batas upang mapaglingkuran ang ating komunidad sa pinakamahusay na paraan. www.re-electchiefsellers.com